

1
2
3
4

# WALANG IBIG SABIHIN

Patrick **Bautista**

**Walang karapatang ari.**

Basahin, ipabasa, tugunan, punahin, burahin,
i-remix, silaban, o kung anupaman.

*Omnia sunt communia.*

Guhit sa pabalat: Danielle Madrid
Disenyo ng zine: Ipe Soco

# NILALAMAN


TULA 3

ANIM NA PANGUNGUSAP TUNGKOL SA TULA 5

INSTRUKSYON 4

TATLONG BANTAS 15

MGA PINAGPIPITAGANANG MAKATA NG BAYAN KO 7

INTEROGASYON 17


WASTONG GAMIT NG NANG AT NG 8

TULA 19

mula sa BUKAS MAKALAWA 9

UNANG PANAUHAN 18

UNANG GANTIMPALA 16


1

# TULA

Hindi persona ng tula ang nagsasalita rito kundi ako.
Kung sasabihin kong ayaw ko sa tula maniwala ka sa akin.

Isa sa pinakanakakatawang gawain sa gitna ng pandemya
ang pagtula. Paborito kong pagtawanan ang sarili.

Kung hahalakhak ako mula rito hindi mo ito maririnig.

Iisa-isahin mo ang mga salita
na para bang may iba pa akong nais sabihin:

W A L A

Gusto kong sabihin na nauunawaan ko ang parikala ng pagsulat ng tula
tungkol sa kawalang-halaga ng pagtula ngunit isa iyong kasinungalingan.

Masarap sa pakiramdam na pinili mong mag-aksaya ng oras
sa pinag-aksayahan ko ng oras.

Isinusulat ko ang mga salita upang maging salita.
Kung hanggang dito ka na lang mas marami kang mahalagang magagawa.

Ikinagagalak kong ibalita (sana'y marinig mo ang aking halakhak)
Mga pinagpipitaganang makata ng bayan ko

T O T O O

ang tula ay isa lamang
pumpon ng mga salita.

# INSTRUKSYON

Kung nais mong magka-gamit ang mga tulang ito kailangan mong:

1. I-print ang mga tula sa papel
2. Kumuha ng lighter o posporo
3. Sindihan ang papel at pagliyabin

Kung nais mong mas tumagal ang pagliyab kailangan mong:

1. Tipunin ang mga libro ng paborito mong makata
2. Pagpatung-patungin na tila mga Gusali ng Pasismo
3. Kumuha ng gas at buhusan ang mga libro
4. Sindihan ang mga libro at pagliyabin

*Hindi kaya ng mga tula*

*maging mitsa ng rebolusyon*

*(Wala nang mas*
*mabisa pa*

*kaysa*
*Pasismo*
*ng*
*Estado)*

*Ngunit*
*kahit papaano*

*ang mga tula sa papel*
*(Hindi ang papel*
*ng tula)*

*ay nakagagawa ng apoy*

*Ngunit*
*Kahit papaano*

*ay may apoy*

# ANIM NA PANGUNGUSAP TUNGKOL SA TULA

Ibig sabihin
hindi lamang tula ang alam kong gawin
ngunit ito ang aking ginawa

Ibig sabihin
ang paniniwala ko tungkol sa tula
ay maaaring iba kaysa iyong paniniwala


Ibig sabihin
hindi ang tula ang siyang simula
at hindi rin ito ang katapusan ng lahat

Ibig sabihin
hindi armas pandigma ang tula
sapagkat ang tula ay tula at ang armas ay armas

Ibig sabihin
may puwang ang tula sa giyera
ngunit hindi kailanman ito ang mapagpasya

Ibig sabihin
hindi tula ang magpapanalo sa digma
pero digma ang magpapalaya sa Tula

2



# MGA PINAGPIPITAGANANG MAKATA NG BAYAN KO

Ikinahihiya ko ang mga panawagan
para sa mga akda sa panahon
ng pandemya. Ikinahihiya ko
na minsan kong hinabol ang basbas
ng mga Institusyong Pampanitikan.
Ikinahihiya ko ang aking sarili
higit kanino man. Ikinahihiya ko ang tapang
na maghanap ng kalinga sa mga salita
at ang yabang na bigyang halaga ang sarili
bilang makata. Ikinahihiya ko
ang mahabang tradisyon ng paggamit
sa paghihirap ng masa bilang materyal
ng mga burgis na manunulat at akademiko.
Ikinahihiya ko ang karerismo at oportunismo
ng mga alagad ng sining. Ikinahihiya ko ang Sining.
Ikinahihiya ko ang pagiging makabuluhan. Ikinahihiya ko
ang hiya na marka ng aking kaburgisan.
Ikinahihiya ko ang mga magpapasa ng akda
at ang mga tatanggapin. Ikinahihiya ko ang aking uri.
Ikinahihiya ko ang ganitong uri ng pag-angkin.

# WASTONG GAMIT NG *NANG* AT *NG*

Tumula nang tumula ang makata ng bayan
Tumula ng tumula ang makata nang bayan
Tumula nang tumula ang makata nang bayan
Tumula ng tumula ang makata ng bayan

Tumula nang tumula nang mawalan ng bisa
Tumula ng tumula ng mawalan nang bisa
Tumula nang tumula ng mawalan nang bisa
Tumula ng tumula nang mawalan ng bisa

Tumula nang tumula na parang wala nang bukas
Tumula ng tumula na parang wala ng bukas
Tumula nang tumula na parang wala ng bukas
Tumula ng tumula na parang wala nang bukas

# mula sa BUKAS MAKALAWA

1.

Ang *pa lang* ay magiging *palang*, ang *sa 'tin* ay *satin*—

Matapos ang tagumpay ng digma, malilikha
ang mga bagong salita para sa bagong tipo
ng kaginhawaan at kapayapaan na noon
palang mapapa-satin—

2.

Langit at lupa
Langit ng lupa
Langit ay lupa
Langit sa lupa

3.

Sa oras na hawak na natin ang oras, paano natin titimbangin ang halaga ng mga bagay?
Paano mababago ang pakikitungo natin sa sarili, kapwa, at kapaligiran?
Ano ang mga kayang panghawakan ng mga bagong kamay ng orasan?


4.

Nakasulat sa natuklasang notebook ilang dekada makalipas ang tagumpay ng mga api:

*kung maaari lang hubarin ang uri na parang maruming damit*

5.

Ganap na ang Tula |
Ganap nang tao ang tao


3

# TATLONG BANTAS

1. **TULDOK ( . ) -** Karaniwang gamit ang tuldok bilang panapos sa mga pangungusap.

   Halimbawa:

   Ang tula ay isa lamang pumpon ng mga salita.

2. **TANDANG PANANONG ( ? ) -** Kalimitang ginagamit ang tandang pananong sa katapusan ng mga pangungusap na nagtatanong o nag-uusisa.

   Halimbawa:

   Ginagamit ba natin ang karera sa sining para iusad ang laban ng masang api o ginagamit natin ang laban ng masang api para iusad ang karera sa sining?

3. **TANDANG PADAMDAM ( ! ) -** Ginagamit ang tandang padamdam sa dulo ng kataga, parirala, o pangungusap na nagsasaad ng masidhing damdamin.

   Halimbawa:

   Ang tula ay isa lamang pumpon ng mga salita!

# UNANG GANTIMPALA

Mahal naming Dakilang Makata,

Pagbati! Ang iyong koleksyon ng mga tula na pinamagatang **PAGHIHIRAP NG MASA AT IBA PANG TULA** na lahok sa kategoryang **Tula sa Filipino** ng 2020 Gawad La Tondeña Incorporada (Dakilang Maniniil ng Manggagawa) ay ginawaran ng Unang Gantimpala ng lupon ng inampalan (Patron ng Pinakamahuhusay na Akda) ngayong taon.

Ikaw ay inaanyayahan sa Gabi ng Parangal na gaganapin sa Sabado, ika-24 ng Oktubre 2020 sa Palasyo ng mga Padrino sa ganap na ika-7 ng gabi. Bilang isa sa mga pararangalan, maaari kang magsama ng isang (1) panauhin.

Upang makumpirma ang iyong pagdalo, mangyaring tumawag sa opisina ng Gawad La Tondeña Incorporada sa XXX-XXXX loc. XX, o mag-email sa timpalak2020@gawadlatondeña.com.ph bago ang ika-21 ng Setyembre 2020.

Ikinagagalak namin na bigyang pagkilala ang iyong napakahalagang kontribusyon sa Panitikan ng Pilipinas at isama ang iyong akda sa aming baul ng yamang pampanitikan. Pagbati at inaasahan namin ang iyong pagdalo sa Gabi ng Parangal!

Sumasaiyo,

**Pangkalahatang Direktor**
Gawad La Tondeña Incorporada

# INTEROGASYON

Hindi  dapat

tanungin kung ano

ang magagawa ng tula

para mabago ang mga kondisyon

Sa halip          marapat itanong

sa anong mga bagong kondisyon

may magagawa

ang tula

# UNANG PANAUHAN

Basahin mo ako lagpas sa aking mga tula
Huwag kang maging pasibong mambabasa

Punahin mo ang aking mga kalabisan
At ilatag mo ang aking mga kahinaan

Huwag mong hayaang magdiwang ang mga Liberal
Sa kanilang Pista ng Kahangalan

Baklasin mo ang aking mga salita
Hanapin mo ang hindi maitatagong marka
Ng aking uring pinagmulan

Kuwestiyunin mo ang aking katapatan
At kagustuhan na magwasto


Tulungan mo akong umahon
Mula sa kumunoy ng Liberalismo

Hindi ka narito para lamang sumang-ayon

Hindi ka Narito para lamang sumang-ayon

# TULA

Hindi persona ng tula ang nagsasalita rito kundi ako.
Kung sasabihin kong *ayaw ko sa tula* maniwala ka sa akin.


4

Si Patrick Bautista ay remote worker sa isang US tech company.

ikuyom ang kamao:
pagtagpuin ang mga daliri dito

sindihan
dito